

Prologue

Halos mapipi ang malalambot na labi ni Farida sa diin ng pagkakahalik sa kanya ng lalaki. Hindi nila malaman kung saan ihahawak ang kanilang mga kamay. Panay rin ang paglamas ng dalawa sa katawan ng isa't isa.

Nang magbitiw ang kanilang mga labi ay mabilis nilang tinungo ang kama. Bumagsak sa kama ang pawisan nilang mga katawan at naghinang na muli ang mga labi.

Ipinasok ng lalaki ang isa nitong kamay sa loob ng kanyang shorts at agad na hinaplos ang gitnang parte ng kanyang kaselanan. “Ahh...ohh!” ungol niya.

Napaliyad si Farida sa mainit nitong kamay na

nasa loob ng kanyang suot na underwear. Sobrang init na agad ng kanyang pakiramdam.

“I’m so turned on!” sigaw ng lalaki.

Mabilis nitong hinubad pataas ang kanyang saplot at nagmamadaling binaon ng lalaki ang mukha sa pagitan ng kanyang dibdib.

“Ohh...sige pa...uunhh,” ungol ni Farida sa kiliting dulot ng maiinit nitong labi na salitan sa kanyang nipples. Pinilit niyang imulat ang kanyang mga mata, ngunit tinakpan ng lalaki ang mga iyon ng manipis na tela. “Teka, para saan ’to?”

Imbes na sagutin ay dumagan ang katawan nito sa kanya at pinupog siya ng halik. Nagpupumilit itong ipasok ang dila nito sa kanyang bibig, pero agad niyang itinikom ang kanyang mga labi. Sa totoo lang, gusto rin naman niya ang mga ginagawa nito sa kanya. Nagpapa-hard to get lang talaga siya.

Habang napapahalinghing siya sa sarap ay abala ito sa pagkalag sa kanyang suot na bra.

“Open your damn mouth,” gigil nitong sabi.

“No,” tanggi niya sa malanding tinig. Aalisin niya sana ang telang nakatakip sa kanyang mga mata nang hawakan nito ang mga kamay niya at ilagay sa taas ng kanyang ulo.

Subo-subo pa rin nito ang kaliwang nipple

niya kasabay ng madiing pagpisil sa mga umbok sa kanyang dibdib.

“Oooh... oooh...putsa ka, ang galing mo,” maingay niyang ungol.

Mabilis nitong hinubad ang kanyang shorts at underwear at muling sinalakay ang kanyang mga labi. Pakiramdam niya ay galit na galit ito dahil masakit ang klase ng halik na ibinibigay nito sa kanya. Mahigpit pa rin ang pagkakahawak nito sa kanyang mga kamay na nasa itaas ng kanyang ulo.

Umaapoy na ang katawan ni Farida nang mga oras na iyon dahil sa init na nagmumula sa katawan ng lalaki. Sa sobrang pananabik ay nararamdaman na niya ang pag-agos ng sariling katas mula sa kanyang kaangkinan. Mariing pinagdidikit niya ang kanyang mga hita para matugunan kahit papaano ang kanyang pananabik.

Bumaba ang mga halik nito sa kanyang leeg, kinagat-kagat pa siya roon at sinipsip. Napapaliyad at napapamura na siya sa sarap hanggang sa nakaramdam siya ng pangangapos ng hininga dahil sa sensasyong dulot niyon.

“S-stop,” nauutal niyang sabi. Hindi na niya makayanan ang bawat kaganapan kaya pinapahinto niya ang lalaki.

“What?” tanong nito na medyo husky ang boses.

“Uhh, never mind.” Hindi naman niya ito masisi dahil maging siya ay halos mabaliw rin sa kanilang ginagawa. Kasalanan ba na makaramdam ng ganoong klase ng sarap?

“Please, huwag mo naman akong bitinin,” sabi nito na parang naglalambing.

Tinangka niya na muling hawakan ang telang nakatakip sa kanyang mga mata, pero agad nitong hinuli muli ang kanyang mga kamay at umalis sa pagkakadagan sa kanya. Laging gulat ni Farida nang ipahawak nito sa kanya ang dibdib nito. Matigas iyon. Mukhang laman ng gym ang lalaki sa laki at tigas ng muscles sa dibdib nito. Dinala nito ang kanyang mga kamay pababa sa abs nito. Ramdam na ramdam niya ang tila pandesal na naroon. Bumaba pa ang mga kamay niya hanggang sa pagkalalaki nito.

Napakagat-labi si Farida nang mahawakan niya ang naghuhumindig na kaselanan ng lalaki. Tigas na tigas iyon, tila nakahandang sumalakay anumang oras.

“You’re making me so horny,” bulong nito sa kanya habang bumababa ang malikot na dila sa makinis niyang tiyan. Ang kaliwang kamay nito ay

dumampi sa kanyang pagkababae. “You’re so wet, honey, and I’m so fucking turned on,” humihingal na sabi nito.

“Then take me...oooh.” Napaungol si Farida nang ipasok nito ang isang daliri sa loob ng kanyang hiyas. “Fuck!” gusto niyang maiyak sa sobrang sarap.

Napasabunot na siya sa buhok ng lalaki. Humigpit pa iyon nang sipsipin nitong muli ang magkabila niyang nipples.

“Uhm, bakit ganyan ka kagaling?” tanong niya rito.

Hindi ito sumagot. Wala siyang kamalay-malay na titig na titig ito sa kanya habang kagat-kagat ang kanan niyang nipple at ang kaliwang kamay ay parang nanunuyang humihimas sa kanyang kaangkinan.

Nagulat siya nang halikan nito ang gitnang parte ng kanyang hiyas.

“Oh, dyusko po!” sigaw niya, pabaling-baling ang ulo. Hindi niya malaman kung saan iyon ipupuwesto.

Napakapit siya nang mahigpit sa mga balikat nito. Hawak-hawak ng lalaki ang dalawang hita niya at dahan-dahang ibinubuka.

“I’ll take you now, honey,” bulong nito.

Mayamaya ay naramdaman niya ang pagkatigastigas na pagkalalaki nitong pilit na pumapasok sa kanyang lagusan.

“Oooh...aaah.” ungol niya nang tuluyan itong makapasok sa loob ng mamasa-masa niyang kaselanan. Sa tindi ng init na gumuhit sa kanyang kaibuturan ay naitulak niya ang lalaki at nagawa niyang alisin ang telang nakapiring sa kanya.

“Oh, my god! Ikaw?”

1

“**S**hit! Ang sakit ng ulo ko!”
Pupungas-pungas si Farida nang umagang iyon. Parang binibiyak ang kanyang ulo sa sobrang sakit dulot ng hangover. Agad siyang bumangon dahil nakita niya ang magulong kuwarto.

“Aray!” sigaw niya nang kumirot ang kanyang sentido. Pati ang buong katawan niya ay masakit.

What happened last night? tanong niya sa sarili.

Wala siyang matandaan. Ang tanging naaalala niya ay uminom siya kasama ang mga kaibigan. Hindi na niya alam kung ano na ang mga sumunod na nangyari. Hindi rin niya alam kung sino ang naghatid sa kanya sa condo.

Masakit din ang kanyang pagkakababae. Bigla niyang naalala ang kanyang panaginip nang nagdaang gabi. Mayroon siyang katalik na lalaki na labis siyang pinaligaya. Ekspertong-eksperto ito sa sex kaya halos mawala siya sa katinuan habang pinapapak siya nito sa kama. Laking panghihinayang lang dahil hindi niya matandaan ang hitsura nito.

He's a sex god. Sino siya?

Papasok sana siya sa banyo nang bumukas ang pinto ng kanyang unit.

“Good morning, babe. Breakfast time na.”

“Dylan?”

Tuluy-tuloy na pumasok si Dylan sa kanyang unit na may dalang coffee at sandwiches. Si Dylan Sandoval ang kanyang guwapong boyfriend. Grade school pa lang sila ay magkaibigan na sila nito. Pareho silang nagmula sa mayamang pamilya.

Siya ay galing sa mayamang angkan ng mga Montecillo na nagmamay-ari ng malalawak na lupain sa Batangas. Ang pamilya ng mga Sandoval ay kilala sa pagmamay-ari ng tatlong malalaking bangko sa bansa.

Noon pa man ay hanga na siya sa binata dahil sa taglay nitong katalinuhan. Ito kasi ang pinakamagaling sa klase at palaging nag-uuwi ng

medalya. Graduate ito ng kursong Accountancy at kasalukuyang nagre-review para sa *CPA Board Exam*.

Dahil sa matalik na magkakaibigan ang kanilang mga magulang ay boto ang mga ito na magkatuluyan sila. Gustung-gusto si Dylan ng papa at mama niya para sa kanya dahil mabait umano ito at sobrang talino. Agad silang ipinagkasundo ng kanilang mga magulang at naging opisyal na magkasintahan.

Nakasuot lang ng puting sando at maikling shorts ang lalaki kaya kitang-kita niya ang magandang hubog ng katawan nito. Hindi niya mapigilan ang sarili na pagpantasyahan ang nobyo.

Umantak ang pananakit ng kanyang katawan at ng kanyang kaselanan. Iniisip niya na baka totoo at hindi basta panaginip ang lalaking nakatalik niya. Na-imagine niya na si Dylan ang lalaking iyon. Naalala niya ang nagbabagang halik nito sa mga labi niya na halos ikapugto ng kanyang hininga at ang kakaibang sarap na dulot ng mga kamay nito habang pinaglalaruan ang kanyang dibdib at ang kanyang kaangkinan.

Ang boyfriend niya kaya ang naghatid sa kanya pauwi? Ito rin kaya ang naka-sex niya? Ibig bang sabihin ay may nangyari na sa kanila ni Dylan?

“Babe, are you okay?” tanong nito sa kanya, hawak ang kanyang kanang pisngi.

“Ha? Y-yes, I’m okay. Thank you sa food.”

“Baka kasi nagugutom ka na kaya nagdala ako ng pagkain for breakfast. Ayoko kasing nagugutom ang girlfriend ko,” malambing na sabi nito. Inayos nito ang ilang hibla ng buhok niya sa likod ng kanyang tainga.

“Ang sweet naman ng boyfriend ko. P-pero okay lang naman ako. Sana hindi ka na nag-abala.” Pinisil niya sa pisngi ang lalaki.

“No, it’s fine, babe. Basta ikaw.”

Natigilan si Farida nang gagapin nito ang kanyang mga kamay.

“I know masyado akong mabilis, pero hindi naman siguro masama kung ipakita ko sa iyo kung gaano ka kahalaga sa akin kahit sa simpleng paraan.”

“Alam ko naman ’yon, Dylan.”

“Gusto ko pa sanang mag-stay dito kasama ka pero may pasok ako sa review center. Ubusin mo ’yang pagkain at magpahinga ka. Wala ka namang pasok ngayon kaya mag-relax ka na lang dito, okay?” Humalik ito sa pisngi niya.

Tumango siya. Tinungo na nito ang pinto at bago lumabas ay muli siyang sinulyapan. Nginitian niya

ang nobyo at kinawayan.

“Bye! Puntahan mo uli ako dito mamaya, ah.”

“I will,” sabi nito at lumabas na.



“Lantis? Ano’ng ginagawa mo d’yan?” nagtatakang tanong ni Dylan sa kapatid nang makita itong nakasandal sa pader malapit sa pinto ng unit ni Farida. Pinandilatan niya ito.

Si Lantis Sandoval ay kanyang kakambal. Sila ay identical twins kaya magkamukhang-magkamukha. Maganda ang pangangatawan at panalo ang mukha kaya chick magnet ang dub kay Lantis.

Kahit iisang hulma lang ang kanilang hitsura, magkaibang-magkaiba ang dalawa. Kung si Dylan ay achiever sa pamilya, kabaligtaran pagdating kay Lantis. Wala itong hilig sa pag-aaral at puro lakwatsa ang alam. Pasaway ito kaya palaging nasesermunan ng mga magulang. Samantalang naka-graduate na si Dylan, si Lantis ay hindi makaalis-alis sa college.

“Wala lang, hinihintay lang kitang lumabas para may kasabay akong mag-breakfast,” sabi ng kakambal.

Halata ni Dylan na nagsisinungaling ito, pero hindi na lamang niya iyon pinansin. Nagmamadali na rin kasi siya dahil baka mahuli siya sa klase sa

review center.

“Hindi mo na dapat ako hinintay. Sa labas ako magbe-breakfast. May pasok ka ngayon, di ba? Gusto mong sumabay sa akin?”

“Hindi na, may sarili akong kotse,” padabog nitong sabi sabay alis.

Napailing na lang siya sa kapatid.

Bago umalis ay tinawagan ni Dylan ang girlfriend. Nang matiyak na nakakain na ito at nagpapahinga na ay lumabas na siya sa condo at sumakay sa kotse.

Ang hindi alam ni Dylan ay hindi pa nakakaalis si Lantis.



Nang makitang malayo na ang sasakyan ng kapatid ay dali-daling pinuntahan ni Lantis ang unit ni Farida.

Magkaibigan din sila noon ng dalaga. Bukod sa kanyang kakambal ay close din sila nito mula grade school hanggang sa tumuntong sila sa high school. Halos silang tatlo ang palaging magkakasama. Pero nagbago ang lahat...

Nakatayo na siya sa harap ng pinto ng unit ni Farida.

Tutuloy ba ako o hindi? Kinakabahan si Lantis.

Huminga muna siya ng malalim. *Bahala na.*

Pipindutin na niya sana ang doorbell nang bumukas iyon at iniluwa ang gulat na gulat na si Farida.

“What are you doing here?” pagtataray nito.

Hindi agad nakasagot ang binata.

“Hoy, tinatanong kita. Ano’ng ginagawa mo dito?”

Kahit kinakabahan ay sinagot niya ito. “Bakit, masama bang dalawin ka dito?”

Inirapan siya nito. Akala ni Lantis ay pagsasarhan siya nito ng pinto, pero hinayaan nitong nakabukas iyon. Hindi niya sinasadyang makita ang mga nakakalat na damit sa loob.

Napansin din niya na nakasuot lang ng sando bra at pekpek shorts si Farida. Agad na nag-init ang pakiramdam niya.

“Hoy, hoy, bakit ka ganyan makatitig sa akin?” inis nitong tanong sa kanya.

Napalunok siya at agad na umiwas ng tingin. Ramdam na niya ang unti-unting pagkabuhay ng kanyang pagkalalaki sa magandang tanawing nakalantad sa kanyang harapan lalo na nang mahagip ng kanyang paningin ang magandang hubog ng puwet nito.

“Teka, huwag mong sabihin na umiiral na naman ’yang pagiging manyakis mo?”

“H-hindi, ’no,” tanggi niya.

Tinaasan lang siya nito ng kilay, halatang hindi naniniwala sa kanya.

“Puwede ba, umalis ka na nga, Lantis. Wala ka bang pasok ngayon at nang-iistorbo ka dito?”

Hindi makapagsalita ang binata. Napako na ang tingin niya sa tayung-tayo nitong dibdib at makinis na mga hita.

“H-hindi ako papasok ngayon. Uhm... may gagawin pa pala ako. S-sige, F-Farida,” mabilis niyang sabi at nagmamadaling tumakbo papasok sa sariling unit.

Nagtataakang hinabol ito ng tingin ni Farida. “Ano’ng problema ng lokong ’yon? Sinumpong na naman ng kamanyakan, hay naku.”

Nakatira siya at ang magkapatid sa condo at mayroon silang tig-iisang unit. Gusto ng kanilang mga magulang na palagi silang magkasama ni Dylan kaya magkasama ang kanilang unit sa iisang palapag. Utos naman ng mga magulang ng kambal na dapat ay magkasama ang dalawa dahil gusto ng mga ito na bantayan ni Dylan ang kapatid para hindi umano ito makagawa ng anumang kalokohan. Hindi naman

komportable si Farida sa presensya ni Lantis sa kadahilanang mayroon silang nakaraan.

Si Lantis Sandoval, ang pasaway na kakambal ng boyfriend niyang si Dylan, ay kanyang ex-boyfriend.

Bukod kay Dylan ay hangang-hanga rin siya noon sa kakambal nitong si Lantis dahil sa taglay na katapangan nito. Bata pa lamang sila ay mahilig na itong makipagbasag-ulo sa eskwelahan lalo na kapag inaaway siya ng mga kaklase niyang lalaki. Si Lantis ang nagtatanggol sa kanya laban sa mga nang-aasar at nambu-bully sa kanya.

Sa magkapatid, kay Lantis unang nahulog ang loob niya at ito ang kanyang naging ultimate crush. Hindi lang naman siya ang nagkagusto sa binata, halos lahat ng babae sa school nila ay patay na patay sa kaguwapuhan nito kaya marami siyang naging kaagaw rito.

Sa kanyang pagdadalaga ay mas lumitaw ang kanyang itinatagong kagandahan at alindog kaya nagkaroon ng katuparan ang labis niyang paghanga sa lalaki. Nabihag din niya ang puso nito. Niligawan siya ni Lantis at sila nga ay naging magkasintahan.

Ang akala niya ay wala siyang magiging problema sa relasyon nila, pero natuklasan niya na ang kanyang boyfriend ay isa palang certified

pervert. Nalaman niya na bukod sa kanya ay may mga nilalandi pang ibang babae si Lantis. Ang pinakaayaw pa naman niya sa isang lalaki ay iyong may kinakalantaring iba. Dahil doon kaya humantong sila sa hiwalayan.

Hindi naging madali para sa kanya ang break-up nila ni Lantis. Labis siyang nasaktan at si Dylan ang laging nasa tabi niya sa mga sandaling kailangan niya ng karamay. Noong una ay naaasiwa at naiinis siya rito dahil kapag nakikita niya ang lalaki ay parang nakikita niya ang pervert niyang ex-boyfriend. Pero naging matiyaga si Dylan sa pagtulong sa kanya para mahilom ang sugat na ginawa ng kakambal nito. Sa pagtitiyaga at kabaitan nito ay nahulog na rin ang loob niya sa lalaki.

Kumirot uli ang kanyang ulo. Isinusumpa niya na hindi na talaga siya iinom. Dahan-dahan siyang umupo sa sofa at hinilot ang kanyang sentido.

“I’ll never drink again,” bulong niya sa sarili habang namimilipit pa rin dahil sa sakit ng ulo.

Mayamaya ang nag-ring ang kanyang cell phone. Pinilit niyang tumayo para sagutin iyon. Nakita niya na ang kanyang papa ang tumatawag.

“Hello, Pa?”

“Farida, anak. Are you okay, hija?” nag-aalalang

tanong nito.

“Yes, Pa, I’m okay.”

“Tinawagan kami ni Dylan. Sinabi niya na masama daw ang pakiramdam mo. How do you feel?”

“Masakit lang po ang ulo ko dahil sa hangover, Pa.”

“Pinag-alala mo kami ng mama mo. Mabuti na lang at inihatid ka ni Dylan. Paano kung hindi ka niya sinundo? Paano kung may mga adik na kumuha sa iyo? Iba na ang panahon ngayon,” sermon ng papa niya.

Sobrang protective ng mga magulang pagdating sa kanya. Siguro dahil nag-iisa siyang anak at tagapagmana ng mga Montecillo.

“Don’t worry about me, Pa. Kaya ko ang sarili ko. At saka nandito naman sina Dylan at Lantis, eh,” paliwanag niya.

“Pero hindi mo maiaalis sa amin ang mag-alala, hija, babae ka pa naman. Alam mong kay Dylan lang kami may tiwala.”

Napabuntong-hininga na lang siya. “Sige po, Pa. Magpapahinga muna ako. Salamat po sa pagtawag.”

“Okay, hija. Get some rest,” malambing na sabi nito.

Matapos makipag-usap sa kanyang ama ay naisip niyang bumili ng gamot. Nakita niya kasing wala nang gamot para sa sakit ng ulo nang buksan niya ang medicine cabinet. Bibili muna siya sa drug store na malapit sa condo.

Paglabas niya ng pinto ay nakita niya si Lantis na nakahubad at nakatapis lang ng tuwalya. Basa ang buhok nito at halatang bagong ligo. Nakasandal ito sa pader at may kausap sa cell phone. Hindi niya napigilan ang sarili na humanga sa katawan ng binata. Kaysarap pagnasaan ng macho nitong katawan na para bang tinatakam siya.

Napansin nito na titig na titig siya at agad itong nagpaalam sa kausap at lumapit sa kanya. Napakagat-labi si Farida nang mapadako ang kanyang paningin sa harapan ni Lantis. Nakabukol ang hinaharap nito na para bang gustong kumawala. Halos matuyuan siya ng laway sa nakaumbok na pagkalalaki nito.

“Hey, why are you looking at me like that?” tanong nito sa kanya sa nang-aakit na boses.

“W-wala! S-sino ba ’yung kausap mo? May binobola ka na naman?”

Nag-iba ang ekspresyon ng mukha nito. “At bakit ka interesado sa kausap ko?”

“Ah, eh, malay ko ba kung may minamanyak

kang babae sa cell phone, ka-SOP or whatever,” sabi niya sa matabang na tono.

Kumunot ang noo ng lalaki at dahil doon ay umiwas siya ng tingin.

Bakit ba nasabi ko 'yon? Ano ba'ng pakialam ko sa pervert na 'to?

“Wala akong ginagawang masama at hindi babae ang kausap ko. Kaklase kong lalaki 'yon. Nanghihiram ako sa kanya ng notes dahil nga hindi ako pumasok ngayon. Concerned lang kasi ako sa isang tao d'yan na masakit ang ulo kakainom.”

“Teka, ako ba ang tinutukoy mo?”

“Eh, sino pa ba? May iba pa bang may hangover dito?”

“Sino'ng niloko mo? Aminin mo na, 'yung babaeng mukhang bakla ang kausap mo, di ba?” urirat niya.

“Babaeng mukhang bakla. Sino 'yun?”

“Nagmamaang-maangan ka pa, eh. Kitang-kita ko kayo kagabi panay ang landian n'yo sa bar.”

“Wait, nagseselos ka ba?” tanong nito, nakangisi.

Nanlaki ang mga mata ni Farida at agad na inirapan si Lantis.

“No way. At bakit ako magseselos sa mukhang bakla na 'yon, aber? Kilalang-kilala kita, Mr. Lantis

Sandoval. Isa kang certified pervert at kahit sinong babae ay kakalantariin mo. Kahit mukhang bisugo papatulan mo.”

“Come on, Farida. Nagseselos ka, eh,” sabi nitong nang-aasar, inilapit pa ang mukha sa kanyang mukha.

Sa sobrang lapit ni Lantis sa kanya ay halos magdikit na ang kanilang mga katawan. Amoy na amoy niya ang lalaking-lalaking halimuyak nito.

“Nikki is my friend,” he said. “Nothing else, kaya wala kang dapat ipagselos. At puwede ba, magpalit ka nga ng damit mo. Lalabas ka na ganyan ang ayos mo? Kita na ang kuyukot mo at parang luluwa na ang dibdib mo. ’Kala mo naman kagandahan ang katawan mo.” At tumatawang tinalikuran na siya nito.

“Damn you, Lantis Sandoval. May araw ka rin sa ’kin,” malakas niyang sigaw bago nito maisara ang pinto sa unit nito. Gigil na gigil siya.



Walang tigil sa kaiiyak ang kaibigang bakla ni Farida. Nag-aalala ito na baka mayroon itong HIV. Wala naman itong ibang karelasyon kundi ang kaibigan din nilang si Devrick.

“Friend, natatakot ako. Baka may HIV na ako,”

atungal ni Nolan habang nagkukuwento.

“Nagpakonsulta ka na ba sa doktor o nagpa-HIV test ka na ba?”

“Hindi pa. Pero ’yung mga sintomas na nabasa ko sa *Internet*, meron ako. ’Ayan, body rash, ’tapos may sore throat pa ako. Nananakit din ang mga muscles ko at minsan nakakaramdam ako ng severe headaches. Friend, ayoko pang mamatay. Magpapa-sex change pa ako,” patuloy na ngawa nito.

“O, hindi ka pa pala nagpapa-test o nagpapa-check up, eh. Pumunta ka sa doktor para malaman mo kung ano’ng sakit mo. Baka naman kasi napapraning ka lang. Teka, alam ba ni Devrick ’yan?”

“Ewan ko kung sasabihin ko sa kanya. Iniisip ko nga na baka siya ang nanghawa sa akin ng HIV. Malay ko ba kung hindi lang pala ako at mayroon pa siyang ibang tinitira gamit ang malaki niyang sandata.”

“’Tapos isisip mo sa tao ’yang kapraningan mo? Hindi ba kayo nag-iisip na dalawa? Alam n’yo naman na laganap ngayon ang HIV ’tapos hindi kayo nag-iingat. Magkano lang ba ang condom at hindi pa kayo makabili?’ Tapos aatungal ka d’yan na akala mo namatayan ka. Ang gawin mo, magpa-test ka para malaman mo kung may HIV ka nga o wala. Isama

mo si Devrick para magpa-test na rin siya para sure,” inis na sabi ni Farida sa kaibigan.

“Ang sungit mo naman, friend. May period ka ba ngayon?”

“Wala. Ang aga-aga ’yan agad ang bungad mo sa ’kin.”

“Sorry naman, friend,” sabi nito sabay irap. “Pero teka, tumawag sa akin ang boyfriend mo, ibinalita na masama daw ang pakiramdam mo kahapon. Ano, okay ka na ba?”

“Aayos naman na ang pakiramdam ko. Hindi na masakit ang ulo ko pero ang katawan ko parang patang-pata pa rin. Ano ba ang pinaggagawa ko n’ung nag-inuman tayo? Baka naman pina-gang rape n’yo ako, ah?”

“Gaga! Magagawa ba namin ’yon sa iyo? Ikaw yata ang napapraning, friend.”

“Nagtataka lang kasi ako na pagkasakit-sakit ng katawan ko.” Hininaan niya ang boses. “Pati ang pussy ko ay masakit.”

“Ha? Pati ang kepay mo ay masakit din?” gulat na tanong nito habang nanlalaki ang mga mata. “Naku, friend, baka naman kasi hindi na dahil sa hangover ’yan. Baka dahil ’yan sa kalandiang dulot ng sobra mong pag-inom?”

“Letse ka! Ano’ng ibig mong sabihin?”

“You know what I mean, Miss Farida Montecillo. Baka sa sobrang kalasingan mo, niyaya mo ng dyugdyugan si Dylan kaya masakit ‘yang kepay mo,” natatawang sabi nito.

“What?” *Buti sana kung ganoon ang nangyari, eh, dugtong niya sa isip.*

“Bakit, friend? Wala pa bang nangyayari sa inyo ni Dylan?” usisa ni Nolan.

“Wala pa. He’s a real gentleman. Siyempre, iginagalang niya ang pagkababae ko.”

“Iyon ba talaga? Ewan ko ba. May nararamdaman talaga akong kakaiba sa boyfriend mo. Hindi ko lang mawari kung ano. Ibang-iba siya sa ex mo.”

Napangiwi siya nang marining ang salitang ‘Ex’. Alam niyang si Lantis ang tinutukoy nito.

“And speaking of him, alam mo bang n’ung inuman, eh, kulang na lang balatan mo nang buhay si Lantis at ‘yung girl na mukhang bakla na parang sawa kung makalingkis sa kanya?”

Kumunot ang noo ni Farida at parang nagpanting ang tainga niya nang marinig ang tungkol sa babaeng mukhang bakla na kalandian ni Lantis. Naalala niya na bukod kay Nolan at sa dyowa nito, nasa bar din si Lantis kasama ang kinaiinisan niyang babae.

“Oo, siya nga. Ang buwisit na si Nikki. Siya ’yung classmate niya na patay na patay sa kanya.”

Natawa nang malakas si Nolan na parang may naalala. “You know what? Mukhang hindi nagtagumpay ang gaga sa panlalandi dahil iniwan siya ni Lantis na lasing na lasing sa bar.”

“I-iniwan ni Lantis ang mukhang baklang ’yon sa bar? S-saan naman siya pumunta?” agad niyang tanong.

“May concern ka talaga, ’te? Don’t tell me wala kang maalala?”

“What happened? Wala talaga akong maalala. Nagising ako na nasa condo na ako at nananakit ang buong katawan ko. Buti na lang at sinundo ako ni Dylan.”

Natigilan si Nolan sa sinabi niya.

“Ano? Hindi si Dylan ang sumundo sa iyo. Nagtataka nga ako kung bakit tumawag siya sa ’kin at nag-thank you sa paghatid ko daw sa iyo sa condo. Ang totoo, friend, bigla ka na lang naglaho nang gabing iyon. Hinanap ka nga namin ni Devrick kung saan-saan, pero hindi ka namin natagpuan. Akala namin ay umalis ka nang hindi nagpapaalam.”

“What? Kung hindi si Dylan at hindi rin kayo, sino?” kinakabahan niyang tanong.



“Loko ka, pare. Umariba na naman ang pagiging manyakis mo,” pang-aasar ni Joseph.

“Gago ka, Otep! Huwag ka nga munang maingay d’yan,” inis na sabi ni Lantis.

“Relax lang, pare. Ang init ng ulo mo ngayon, ah.”

Nainis siya sa pang-iistorbo nito sa kanyang pagsa-sightseeing. Sightseeing sa mga magaganda at mapuputing hita ng mga schoolmates nilang babae. Hindi lang iyon, panay pa ang pagpapa-cute niya sa mga ito sa pamamagitan ng pagkindat-kindat at pagkagat sa labi niya na parang nang-aakit. Kinikilig naman ang mga babae nilang schoolmates sa ginagawa ni Lantis.

Campus crush kung tagurian ang binata.

Tinabihan ni Joseph ang kaibigan at sumali rin sa pagsa-sightseeing.

“Kunwari ka pa, eh, manyakis ka rin pala.”

“Kanino pa ba ako magmamana, pare?” balik ni Joseph.

Sabay na nagtawanan ang dalawa.

“Magkuwento ka naman. Balita ko may bago kang prospect, ah. Ano nga ba’ng pangalan nun?” usisa ni Joseph. “Sa dami kasi ng babae mo,

nagkakahalo-halo na ang mga pangalan nila sa utak ko.”

“Ewan ko sa iyo. Bahala kang mamatay kakaisip,” ani Lantis.

Kahit isang certified pervert ay may respeto pa rin siya sa mga babaeng napapaligaya niya sa kama. Hindi siya iyong tipo ng lalaking ipinagkakalat sa iba ang sexperience niya.

Siguro ang maipagmamalaki lang niya, kahit kailan ay hindi siya namilit ng babae para makipag-sex sa kanya. Ang mga ini-entertain lang niya ay iyong mga game at wild din sa kama na kagaya niya.

“N-nakikita mo ba kung sino ang nakikita ko?” tanong ni Joseph sabay kalabit sa kanya.

“Sino?”

Inginuso nito sina Farida at Nolan na nagkukuwentuhan.

May kung anong sayang lumukob sa kanyang pagkatao nang makita niya ang ex-girlfriend.

Inihakbang niya ang mga paa patungo sa kinaroroonan ng dalaga at iniwan si Joseph na takang-taka sa ginawa niya.

Habang naglalakad ay nakita niya ang mga naggagandahang kolehiyala na nakatingin sa kanya at nagpapa-cute.

Lantis, pigilan mo muna ang sarili mo...

Hindi niya nga pinansin ang ang mapanuksong babae na nang-aakit sa kanya at itinuloy ang paglapit kina Farida.

“Hi, girls,” magiliw niyang sabi kina Farida at Nolan sabay kindat.

“Lantis! Wala akong sinabing lapitan mo,” sigaw ni Joseph.

“Huwag kang makialam, gunggong,” balik niya. “Guguluhin pa nito ang diskarte ko.”

Hindi na niya pinansin si Joseph at umupo sa tabi ni Farida. Nakita niyang tumalim ang mga mata nito, halatang hindi nagustuhan ang presensya niya.

“Hay naku, kaya pala nasira na naman ang araw ko dahil nandito ka. What are you doing here?”

“Bakit bawal ba? Siyempre, dito ako pumapasok kaya nandito ako. Di ba obvious?”

“Ehem, maiwan ko na muna kayo. Mamaya na natin ituloy’yung pinagkukuwentuhan natin, friend. Bye, Lantis. Ikaw na muna ang bahala sa kaibigan ko, ha?” paalam ni Nolan.

“Thank you, babe,” sabi ni Lantis sabay hipo sa puwet nito.

“Lantis, ang bad mo talaga,” sabi ng bakla habang namumula sa ginawang paghawak ng lalaki sa puwet

nito.

Nginisihan lang niya ito at kinindatan.

“Nolan, wait,” tawag ni Farida dito bago hinarap si Lantis. “Ang bastos mo talaga. Kita mong nag-uusap kami.”

“S-sorry, hindi ko intensyong makaistorbo...” Nabitin ang sinasabi nito nang mapatingin sa likuran ni Farida.

Napataas ang kilay ng dalaga nang lingunin ang tinitingnan ni Lantis. Agad na kumulo ang dugo niya nang makitang isang magandang babae ang naroon.

“Ang kapal talaga ng mukha mo, ’no! Pinuntahan mo ako dito ’tapos ibang babae lang pala ang pagkakaabalahan mong tingnan? Hindi ka na magbabago, Lantis.”

Walang imik ang lalaki. Ibinaling nitong muli ang tingin sa kanya at nagpakawala ng makahulugang ngiti. Lumapit sa kinauupuan nila ang magandang babae.

Mga walanghiya! Napakamanyak mong hayop ka. At ito namang malanding babae na ’to, hindi na nahiya at siya pa talaga ang lumapit dito, ngitngit ni Farida sa sarili.

Lalo siyang nainis nang anyayahan pa ng lalaki na umupo ang malanding babae sa tabi nito. Gusto

na niyang sumabog sa kanyang kinauupuan.

Ang kakati! Makaalis na nga bago ko pa masapak ang pagmumukha ng manyak na 'to, tahimik na sabi niya sa sarili bago tumayo mula sa pagkakaupo.

“O, saan ka pupunta? Ayaw mo bang makipagkuwentuhan sa amin?” tanong ni Lantis, parang may halong pang-aasar.

“Ay, hindi na. Baka makaistorbo pa ako sa inyo. Sige lang, ituloy n’yo na ang landian, este, kuwentuhan n’yo,” sabi niya sabay talikod.

Habang naglalakad ay nilingon pa niya ang dalawa. Nakita niyang tawa nang tawa ang babae habang kausap si Lantis.

Kung hindi lang masamang pumatay ng tao, kanina ko pa sinaksak ang babaeng 'to. Kakagigil!

2

*M*ay kung anong kumurot sa puso ni Lantis habang sinusundan niya ng tingin ang papalayong si Farida. Nakita lang naman niya na nagpapa-cute sa kanya ang babae sa likuran nito kaya nagpa-cute din siya rito. Ang totoo, gusto lang niyang pagselosin si Farida dahil naniniwala siya na may nararamdaman pa rin ang dalaga sa kanya. Na mahal pa rin siya nito. Gusto niyang bawiin sa kanyang kakambal ang babaeng una niyang minahal.

Aminado siya na isa siyang manyakis, playboy, chick magnet at kung anu-ano pa, pero iisang babae lang ang totoong minahal niya. Iyon ay walang iba kundi si Farida Montecillo. Nakahanda siyang gawin

ang lahat para makuhang muli ang puso nito. At ngayon ay nagtagumpay siya na pagselosin ito.

Hindi niya akalain na lalapit din itong babae sa kinauupuan nila. Aminin man niya o hindi, nasasaktan din siya kapag pinagseselos ang ex-girlfriend.

Napabuntong-hininga siya.

“Are you okay?” tanong ng babae.

“Yes, I’m okay,” aniya habang nakatingin sa inupuan ni Farida.

Lumapad ang ngiti nito at muling nagpa-cute sa kanya.

“Sorry, ha. Mukhang nagalit yata ’yung kasama mong babae.”

Pinagpawisan siya ng malapot sa ginagawang pagpapa-charming ng babae. Ito kasi ang kahinaan niya. Madali siyang bumigay sa simpleng pagpapa-cute sa kanya lalo na at maganda at sexy ang babae. Hindi siya nakapagpigil at dinilaan niya ang ibabang labi at nagpakita ng killer smile. Hindi nakaligtas sa kanya ang ginawang pagsunod ng tingin ng babae sa ginawa niya at napalunok ito.

“Okay lang. Huwag mo nang isipin. Nagselos lang ’yon.”

Ngumiti ang babae. “Ah, okay. Ako nga pala si

Natalie,” pagpapakilala nito at iniabot ang kamay.

“I’m Lantis, Lantis Sandoval,” sagot niya, inabot agad ang kamay nito. Tinignan niya ang reaksiyon ng babae habang hawak niya ang kamay nito. Halatang kilig na kilig ito sa kanya.

Itinodo na ni Lantis ang pang-aakit at dahan-dahang inilapit sa kanyang mga labi ang malambot na kamay nito.

Namula ang mga pisngi ng babae sa kilig. Kitang-kita niya kung paano nanlaki ang mga mata nito. Napalunok itong muli sa ginawa niya.

“Sorry, ganito lang talaga ako magpapakilala sa magandang babaeng tulad mo.”

“O-okay lang. I mean, gusto ko rin naman, eh,” sabi nito.

Wow, ganito ang tipo kong babae, palaban at mukhang wild, tahimik na sabi niya sa sarili.

“So, ikaw pala ’yung kakambal ni Dylan Sandoval, iyong isa sa matatalinong estudyante at active school leader dito sa campus? Sayang nga lang at gumradweyt na siya. Napakaguwapo rin niya at hot kagaya mo.”

“Magkamukhang-magkamukha lang kami ng kapatid ko pero magkaiba kami. Mas magaling ako sa kanya sa ibang bagay,” sabi niya sa nang-aakit na

tono.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” tanong nito na may halong pananabik.

Ikinuyom niya ang mga palad, huminga nang malalim at pinigilan ang sarili. “K-kalimutan mo na ang mga sinabi ko. Pasensya ka na, pero kailangan ko nang umalis.” Agad siyang tumayo mula sa kunauupuan.

“P-pero bakit?”

“I’m sorry. Ang totoo ay pinagselos ko lang ’yung babae kanina kaya ako nagpa-cute sa iyo. Pasensya ka na talaga.”

“What? Bakit, girlfriend mo ba siya?” naguguluhang tanong nito.

Hindi nakasagot si Lantis. Nakatalikod na siya nang muling magsalita ang babae.

“Siya si Farida, di ba? Farida Montecillo? Ang alam ko may boyfriend na siya. Pero bakit interesado ka pa rin sa kanya?” Pagkasabi niyon ay nauna pa itong umalis sa kanya.

Nakaramdam siya ng inis sa sinabi ng babae. Parang ipinamukha nito sa kanya na hindi na sila puwede ni Farida.



Damn you, Lantis. Pervert! maktol ni Farida

habang palabas siya ng campus.

Tinext siya ni Dylan na magkita sila para kumain sa labas. Saka lang nawala ang inis niya nang makita ang boyfriend na nakasandal sa gilid ng kotse nito.

“H-hi! Nainip ka ba?” bati ni Farida sa nobyo.

“No, babe. Kadadating ko lang,” nakangiting sabi nito. “Maayos na ba ang pakiramdam mo?”

“Okay na ako, Dylan. Mabisa ’yung binili kong gamot.”

Sinapo nito ang kanyang magkabilang pisngi. Ramdam niya ang init na nagmumula sa mga palad nito. Haplos pa lang nito sa kanyang balat ay nakapagbigay na agad sa kanya ng kakaibang pakiramdam. Pananabik. Nananabik siya na sana ay sa ibang parte ng katawan niya humaplos ang mga palad ni Dylan.

“Babe, okay ka lang? Parang wala ka naman sa sarili,” saad ng lalaki.

“Ha? H-huwag mo akong intindihin.”

“Yan na nga ba ang sinasabi ko. Mukhang hindi ka pa masyadong magaling. Bakit kasi nagpumilit ka pang pumasok?”

“O-okay lang talaga ako, Dylan.”

“Huwag ka kasing iinom kung hindi mo kaya. Paano kung may nambastos sa iyo d’un?” sermon

ng binata.

“Wala namang masamang mangyayari sa akin. Kasama ko naman sina Nolan at ... si Lantis.”

Sumeryoso ang mukha nito. “Sa susunod na iinom ka dapat kasama na ako.”

“Bakit pa? Naroon naman sila.”

“Kaya nga dapat talaga na kasama ako.” Sa tono nito ay tila hindi na ito tatanggap ng kahit anong paliwanag. “Wala akong tiwala sa kakambal ko. Baka isang araw magising na lang ako na naagaw ka na niya sa akin.”

Hindi makapaniwala si Farida sa tinuran nito. Hindi rin siya makatingin nang derecho sa lalaki. Mayamaya ay niyakap siya nito nang mahigpit.

“Alam ko namang malabong mangyari ’yon,” saad ni Dylan. “Di ba, babe?”

“Y-yes, of course,” sabi niya, may kung anong bumabagabag sa kalooban.

“I love you, babe. Hinding-hindi ako papayag na mawala ka sa akin.”

“M-mahal din kita, Dylan.” May lungkot na lumukob sa kanya nang sagutin niya ang nobyo.

Ano pa ba ang hahanapin niya kay Dylan? Mabait, matalino, pasensyoso at higit sa lahat, natutunan na rin niyang mahal ino. Alam niyang

wala siyang magiging kaagaw rito.

Pumikit ito at huminga nang malalim bago siya pinakawalan. “Nasasakal ka ba sa relasyon natin? I’m sorry kung ganoon ang nararamdaman mo. Natatakot lang ako, Farida.”

“Dylan...” Hindi niya alam kung ano ang susunod na sasabihin.

“Gusto ko lang matiyak kung ako na ang nand’yan.” Itinuro nito ang tapat ng kanyang puso. “Gusto kong malaman kung wala na ba talaga ang pangalan ng kapatid ko d’yan sa puso mo.”

“Ah... alam mo naman na mahal kita, di ba?” nauutal niyang sagot.

Naramdaman na lamang niya ang mainit nitong mga labi na dumampi sa kanyang pisngi papunta sa kanyang mga labi. Napapikit siya sa paghalik na iyon ni Dylan. Gusto niyang gantihan ang halik nito, pero naiilang siya. Sa hindi maipaliwanag na dahilan, parang nakaramdam siya ng guilt. Naguguluhan siya.

“Don’t worry. I-ikaw ang nasa puso ko at walang iba,” sabi niya.

Dylan smiled at her. “Shall we?” yaya nito sa kanya. “Alam kong nagugutom ka na. Ayokong sabihin nina Tito na ginugutom kita.”

“S-sige. Tayo na.”

Ipinagbukas siya nito ng pinto ng sasakyan at maingat na inalalayan sa pagsakay.



Pasakay na sa kanyang kotse si Lantis nang mapansin niya ang magandang kolehiyala na nakilala niya kanina. Nakatayo ito malapit sa main gate ng campus. Nakatingin ito sa kanya at nagpapacute na naman. Hindi na sana niya ito papansinin, pero mabilis na nakalapit ang babae sa kinaroroonan niya.

“Hello, Mr. Lantis Sandoval. Did you miss me?”

“Ikaw na naman? Sinusundan mo ba ako?”

“No, no, no! Sa pagkakaalam ko ay ako ang sinusundan mo. Titig na titig ka pa nga sa akin kanina.”

“What? Hindi mo ba nakitang pasakay na ako ng kotse at aalis na ako? Hindi ko sinasadyang tingnan ka.”

“Para saan pa ang pagpapacute mo sa akin kanina? Kung...walang mangyayari?” patuloy na pang-aakit ng babae.

Naramdaman niya ang pagkislot ng kanyang pagkalalaki sa sinabi nito. “T-teka, ano ba talaga’ng kailangan mo sa akin?”

“Hindi pa ba obvious, Mr. Sandoval? I like you and I know you like me, too.” Inilapit nito ang sarili at halos dumikit ang malulusog nitong dibdib sa kanya.

Nagkatitigan sila.

“Bakit ka ganyan makatingin? Para mo naman akong hinuhubaran sa mga titig mo,” dugtong ni Natalie.

Alam ni Lantis kung paano maglaro ang babae kaya sinabayan niya ito. “Kung huhubaran kita, hindi na kita kailangan pang tingnan. Kayang-kaya kitang hubaran kahit nakapikit pa ako.”

Nanlaki ang mga mata niya nang isabit ng babae ang braso nito sa kanyang leeg at kinagat-kagat ang kaliwa niyang tainga. Nag-init ang pakiramdam niya.

“Then go! Hubaran mo ako at paligayahin. Handa kong ibigay sa iyo ang sarili ko. Gan’un kita kagusto, Lantis.”

Fuck! Napamura siya sa isip. Hinahamon ba ako ng babaeng ito?



Papasok na si Farida sa condo lobby nang bumungad sa kanya si Nolan kasama ang boyfriend nitong si Devrick.

“O, bakit nandito kayo?”

“Kanina ka pa namin hinihintay, friend. May ichi-chika kami sa iyo. Kailangan mong malaman.” Halos magkandautal si Nolan sa bilis magsalita.

Pinagtaasan niya ng kilay ang dalawa. “Gaano ba kaimportante ’yan at inabangan n’yo pa talaga ako dito?”

“Nakita ni Devrick na may kasamang magandang babae si Lantis kaninang uwian at nilalandi n’ung haliparot na ’yon ang ex mo. In fairness, nag-level up at hindi mukhang bakla ang kalampungan.”

“Oo, Farida. Kitang-kita ko sila kanina sa parking area. Parang ang sweet sweet nilang dalawa ’tapos ang ganda pa n’ung bebot, ang sexy at ang kinis,” gatong pa ni Devrick.

“May bago ba? Wala na akong pakialam kung landiin man ng mga babae niya ang gagong ’yon. Malandi din ’yon, eh. Makipagkangkangan siya hanggang sa gusto niya.”

“Parang wala kayong pinagsamahan, friend. Hahayaan mo na lang na landiin ng kung sinu-sinong haliparot si Lantis? Kahit pervert sa lahat ng pervert ang lalaking ’yon, di ako makakapayag na mapunta lang siya sa iba. Ano sila, sinusuwerte?”

“Ayaw mo palang mapunta sa iba, eh, di ikaw ang lumandi sa kanya. Tatal, gustung-gusto mo pala

siya, eh, di sa iyo na.”

“Kung puwede nga lang, friend, kaso may Devrick na ako, ’no? Hinding-hindi ko ipagpapalit ang mokong na ’to.”

“Aba, ipagpapalit mo pa ba ako, babe? Naka-jackpot ka na nga sa akin,” pagyayabang ng lalaki.

“Kung di ka lang magaling sa kama at nagtataglay ng malaking tarugs, matagal na kitang pinalitan,” pang-aasar ni Nolan.

“Tumigil nga kayo. ’Yun lang ba ang sasabihin ninyo? Umuwi na kayo at gabi na.”

Sa totoo lang ay pagod na siya sa mga ganoong klaseng sumbong sa kanya ng mga ito. Nakakasawa na ang paulit-ulit na kuwento tungkol sa pambababae at kamanyakan ni Lantis. Pero bakit nga ba hindi niya mapigilan ang sariling maapektuhan?

“Puwede ba, magpakatotoo ka, friend. I know you still have feelings for him. Huwag mong lokohin ang sarili mo.”

Natigilan siya sa sinabi ni Nolan. Hindi niya maamin sa sarili na affected pa rin siya kapag napag-uusapan ang ex-boyfriend.

“Babe, huwag ka namang ganyan magsalita kay Farida. Alam mong masakit ang katotohanan, di ba?” segunda ni Devrick.

Sa hirit na iyon ng boyfriend ni Nolan ay pinandilatan niya ito. Umiwas ng tingin ang lalaki.

“Friend, magpakatotoo ka habang maaga pa. Kaligayahan mo ang nakataya dito,” paalala sa kanya ni Nolan.

Huminga muna siya bago magsalita. “Masaya na ako. Okay na ako kay Dylan. Kung wala na kayong sasabihin, puwede na kayong umalis at marami pa akong gagawin.”

Nagkatitigan ang dalawa bago siya napapailing na hinarap ni Nolan. “Ang sa amin ay paalala lang, friend. Nasa huli ang pagsisisi kaya mag-esepe-esepe ka, girl.”

Nagpaalam na ang magdyowa. Magka-holding hands pa ang mga ito palabas sa condo. Naiwang mag-isa sa lobby si Farida, malalim ang iniisip. Sari-sari ang tumatakbo sa utak niya.

Ano kaya ang ginagawa ni Lantis at n’ung magandang babae? Siguro ay nagpunta ang mga malalandi sa kung saan tahimik at malamig na silang dalawa lang ang magkasama. Ilang ulit kayang dinala ni Lantis ang babae sa langit? Naku, siguradong sarap na sarap ang mga hitad.

Nanggagalaiti si Farida.

Hanggang sa pagsakay sa elevator ay si Lantis

at ang kasama nitong babae ang nasa isip niya. Pagdating sa kanyang unit, saktong pipihitin na niya ang doorknob ay napansin niyang nakaawang ang pinto. Kinabahan siya dahil sa pagkakatanda niya ay ini-lock niya iyon bago siya umalis.

Dahan-dahan siyang pumasok sa kabahayan. Bumungad sa kanya ang madilim na sala. Ang dilaw na ilaw na nagmumula sa maliit sa lampshade ang nagbibigay liwanag sa parteng iyon ng kanyang unit.

Oh, my god! May tao dito? Hawak niya ang dibdib sa sobrang kaba.

Iginala niya ang mga mata at napansing may nakahiga sa carpet sa tabi ng sofa.

Sino ang lokong 'to at sa lapag pa natulog? Dylan, ikaw ba 'yan?

Naalala ni Farida na may duplicate key si Dylan sa kanyang unit. May basbas iyon ng kanilang mga magulang dahil magkasintahan na umano sila at may tiwala ang mga ito sa lalaki.

Pero bakit ito bumalik agad samantalang pagkatapos nilang mag-dinner ay nagpaalam itong dadaan sa mga kaklase para mag-group review? Kaya nga hindi na siya nito inihatid sa condo. At bakit sa lapag pa ito natulog at hindi sa sofa na mas komportableng higaan?

Dahan-dahan niyang nilapitan ang nakahigang lalaki. May kung anong galak na umahon sa kanyang dibdib nang makilala ito.

“L-Lantis?”

Nagising ito at parang alam na alam na kanina pa siya naroon.

May kung anong nabuhay sa loob niya habang nakatingin sa pupungas-pungas na si Lantis.

“O, ngayon ka lang? Buti naman at dumating ka na,” sabi nito nang tumayo, humihikab.

“Paano ka nakapasok dito? Isinara ko ang pinto bago ako umalis.”

“Magso-sorry sana ako for what happened kanina sa campus kaya pinuntahan kita dito. Nagbakasakali akong nakauwi ka na kaso naka-lock ang pinto. Buti na lang at naiwan ni Dylan ang duplicate key niya sa banyo kaya ako nakapasok. Nakatulog na nga ako kakahintay sa iyo.”

“At bakit sa dami ng makakalimutan ay ang duplicate key pa sa unit ko? Paano kung sa ibang lugar niya naiwan at may ibang nakapulot? Delikado pa naman ang panahon ngayon. Dylan naman talaga,” pabulong na ngitngit niya. “Akin na nga ’yang susi at ako muna ang magtatago!”

“Easy. Akala mo naman magnanakaw ako dito.”

Iniabot nito ang susi sa kanya. “Iba ang ninanakaw ko alam mo ’yan.” Kumindat pa si Lantis sa dalaga.

Napakagat-labi si Farida at nag-iwas ng tingin.

“Bakit namumula ka?” tanong ng binata, parang natatawa sa reaksiyon niya.

“Ah... ako? H-hindi, ah!” Nanlalaki ang mga mata niya.

Paano ba siya hindi mamumula? Nakasuot ng manipis na sando at boxer shorts ang lalaki kaya litaw na litaw ang ganda ng katawan nito. Napansin din niya ang nakabukol na harapan nito na para bang nanunukso.

“Sigurado ka?” Lalo pa itong lumapit sa kanya.

Kumabog ang dibdib ni Farida at napaatras siya. “H-hindi nga sabi, eh! Ah-asa ka naman.”

Natawa si Lantis at lalo pang lumapit sa kanya hanggang sa magdikit na ang kanilang mga katawan.

“Are you sure?” Dahan-dahan nitong hinawakan ang magkabila niyang balikat. Parang natatawa ang binata pero seryoso ang mga mata. “Magpakatotoo ka nga, Farida. Alam kong gusto mo pa rin ako. Hinahanap-hanap mo pa rin ang mga halik ko at ang init ng katawan ko,” bulong sa kanya ng lalaki.

“Ah, ang kapal talaga ng mukha mo, ’no? Wala na akong pakialam sa iyo kung anuman ang gawin

mo sa buhay mo, sa katawan mo at sa ari mo. Bakit, hindi ba kayo nag-go to heaven ng babae mo?” Inalis niya ang mga kamay nitong nakahawak sa kanya. “At nakainom ka pa yata. Amoy alak ka!”

“Kahit kailan pakipot ka pa rin. Kaya nga gustong-gusto kita.”

Napatingin siya sa mukha ni Lantis. Seryoso ito at madilim ang mga matang nakatitig sa kanya.

“Pero ang kakambal ko na ang gusto mo, di ba? Wala na ba talaga ako d’yan sa puso mo?” usisa nito sa malungkot na boses.

Napapikit at napailing si Farida. Pilit niyang inaalis sa isip ang mga sinabi nito. “W-wala na tayo, Lantis. Matagal nang natapos ang istorya natin at ikaw ang may kagawagawan kung bakit,” paninisi niya. “Wala kang pakialam kung gusto ko na si Dylan. Huwag mong kuwestyunin ang damdamin ko dahil hindi rin kita kinukuwestyon sa panlalandi mo sa mga babae mo.”

“Bakit, Farida? Dahil ba mas mabait ang kakambal ko? Mas matalino? Mas paborito ng lahat? Mas magaling sa kama? Ha, Farida?”

Napakunot-noo siya. Bakit pa nito sinasabi ang mga iyon?

“Puwede ba, Lantis? Umalis ka na at marami

pa akong homeworks na gagawin. Lasing ka kaya itulog mo na 'yan."

Parang hindi nagustuhan ng lalaki ang sinabi niya. "Sandali lang! Hindi pa tayo tapos mag-usap pinapaalis mo na ako?"

"Lantis, tigilan mo na ako."

"Hindi, Farida. Hindi ako aalis."

Napakislot siya nang idikit pa nitong lalo ang katawan nito sa katawan niya. Hindi niya maiwasang makaramdam ng kakaibang init.

Matagal pa silang nagkatitigan na para bang pinag-aaralan nila ang isa't isa. Nakita pa niya kung paano tumaas-baba ang dibdib ng binata habang habol ang hiningang nakatingin sa mga labi niya. Nanginig din ang mga tuhod niya nang mapatitig siya sa mapupulang labi ni Lantis na hinahahanap-hanap at binalibalik-balikan ng mga babae.

"Na-miss mo ba ang mga halik ko, Farida? Ako, miss na miss ko na ang mga halik mo," sabi nito habang inilalapit ang mukha sa kanyang mukha.

"Lantis, stop!" saway niya, pero parang wala itong naririnig.

Nagulat pa siya at napasigaw nang bigla siya nitong hilahin papunta sa kanyang kuwarto at ihiga sa kamang naroon.

“Damn you, Lantis! What are you doing?”
patuloy na sigaw niya.

“Alam kong mahal mo pa rin ako, Farida. Nararamdaman ko. Ayokong mawala ka sa akin. Ikaw lang ang kaisa-isang babaeng minahal ko nang ganito.”

Parang may bumara sa lalamunan niya nang magtama ang kanilang mga paningin.

Ngumiti ang binata at hinaplos ang kanyang pisngi.

“Lantis, huwag...” pakiusap niya.

Imbes na pakinggan siya ay itinuloy pa rin ng lalaki ang ginagawang paghaplos sa kanyang mukha.

“Mula noon hanggang ngayon, akin ka, honey. You are mine.”

Hindi na siya nakapalag nang sakupin nito ang kanyang bibig sa isang maalab na halik. Hindi pa rin nagbabago si Lantis. Napakasarap pa rin nitong humalik. Mga halik na unti-unti siyang dinadala sa pintuan ng langit. Sinabayan niya ang paglulumikot ng dila nito sa kanyang bibig habang nakapulupot ang dalawang braso niya sa leeg nito.

Nag-init nang husto ang pakiramdam ng dalawa at naging mapusok ang palitan ng halik kasabay ng mahigpit na pagyayakapan.

She moaned.

Nang tila magsawa sa kanyang mga labi ay pinuntirya naman ng halik ni Lantis ang kanyang tainga pababa sa kanyang leeg.

Amoy na amoy ni Lantis ang mabangong katawan ng kaniig na lalong nagpainit sa kanya.

“Ohhh, Farida, ang bango-bango mo, honey,” bulong nito sa dalaga.

“Lantis... Bakit mo 'to ginagawa sa akin?”

“Patawarin mo ako, hindi ko ito gustong gawin sa iyo, honey. Ayokong isipin mo na sex lang ang habol ko sa iyo pero kung ito lang ang paraan para makasiguradong sa akin ka pa rin ay gagawin ko ito. Sa ayaw o sa gusto mo.”

Hindi na nakapagsalita pa si Farida. Kilala niya ang ex-boyfriend at tinototoo nito ang lahat ng sinasabi nito. Ngayon ay nakahanda siya nitong muling angkinin. Ang totoo ay nananabik na siya na gawin iyon ni Lantis. Hindi na niya maikakaila na matagal niyang pinanabikan ang mga halik, yakap, haplos at ang angking talento ng lalaki sa pakikipag-sex.

Nanariwa sa kanyang alaala ang mga panahon nang siya ay teenager pa. Si Lantis ang kanyang ultimate crush. Dahil sa kapusukan, ang simpleng

paghanga ay naging pagnanasa. Sobrang nahulog ang loob niya sa binata na wala nang ibang laman ang isip niya kundi ito. Maging sa kanyang mga panaginip ay nakikita niya ang sarili na nakikipag-sex kay Lantis.

Nang maging magkasintahan sila ng lalaki ay nagkaroon ng katuparan ang pagpapantasya niya. Ang pagtatalik nila ni Lantis ay hindi na isang panaginip lamang. Ilang beses siya nitong inihatid sa rurok ng kaligayahan. Napakasaya niya noon dahil ito ang lalaking nakauna sa kanyang pagkababae.

Proud na proud na siya roon at para sa kanya ay isa iyong malaking achievement. Gustung-gusto nilang ka-sex ang isa't isa. Pareho silang agresibo pagdating sa kama. Ang kanyang ultimate crush na si Lantis ang siya ring naging ultimate sex partner niya.

Napaungol si Farida nang haplusin ni Lantis ang kanyang leeg patungo sa kanyang dibdib. Parang may kuryenteng dumaloy sa kanyang katawan nang himas-himasin nito ang kanyang dibdib papunta sa kanyang nipples. Nanghina ang mga tuhod niya sa sarap na dulot ng pagpisil nito sa kanyang naninigas na nipples.

Dahan-dahang hinubad ng lalaki ang suot niyang pang-itaas na school uniform at ang suot

niyang bra hanggang sa tumambad dito ang mayaman niyang dibdib. Agad niyang tinakpan ng kanyang mga kamay ang harapan ngunit hinawi nito ang mga iyon para lalong pakatitigan ang dalawa niyang malusog na mga bundok.

“P-puwede ba, huwag mong tingnan,” inis niyang sabi.

Gumuhit ang malaking ngiti sa mga labi ni Lantis at pumatong ito sa kanya.

“This is mine.” Itinuro nito ang kanyang dibdib. “Lahat ng nakikita ko sa katawan mo ay akin. Akin lang.” Ipinulupot ni Lantis ang dalawang binti niya sa baywang nito habang nakaibabaw ito sa kanya.

Napakislot si Farida nang maramdaman ang tigas na tigas na pagkalalaki nitong lumapat sa kanyang kaselanan. Laging gulat pa niya nang hawakan nito iyon na alam nitong basam-basa na habang muli nitong sinalakay ang kanyang mga labi.

Bigla nitong ipinasok ang isang daliri sa loob ng kanyang suot na panties at nilaro ang kanyang pagkababae. Napasigaw si Farida sa sobrang bilis ng paggalaw ng daliri nito sa loob niya.

“Fuck, Lantis! Oohhh... unghhh...” halinghing niya.

“Oh, shit! Honey, you’re so fuckin’ wet,” bulong

nito na lalong nagpatindig-balahibo sa kanya.

Pakiramdam ni Farida ay parang lalabasan na siya sa sobrang sarap ng ginagawa ng binata sa kanya.

Napaungol uli siya nang dumausdos ang mga halik ni Lantis mula sa kanyang leeg papunta sa kanyang dibdib.

“Oww, alisin mo naaa pleeease, ahh...” pagmamakaawa niya, pero parang nakikusap lang siya sa hangin.

Mas lalo pang binilisan ni Lantis ang paglalabas-masok ng daliri nito sa kanyang hiyas.

Parang uhaw na uhaw na sinisipsip nito ang kanyang nipples nang salitan. Napasigaw siyang muli sa sarap. Lalong nabasa ang kanyang panties sa patuloy na paglalaro nito sa loob niya.

Mayamaya ay hinubad na ni Lantis ang kanyang huling panloob at tumambad na rito ang buo niyang kaangkinan. Ibinuka nito ang kanyang mga hita at muling inilabas-masok ang isang daliri roon.

“Lantis, oohhh...” Halos hindi na siya makahinga sa pinaggagawa sa kanya ng lalaki.

Hinugot nito ang daliri sa loob niya kasabay ng panginginig ng kanyang katawan.

“You like it?” tanong nito na may ngisi sa labi.

Hindi niya alam ang sasabihin. Hindi na rin

siya nagkaroon ng pagkakataong sumagot. Nakita niyang hinubad nito ang suot na boxer shorts at nakalimutan niya ang anumang sasabihin. Kitang-kita na niya ang kabuuan ng pagkalalaki ni Lantis na lalong nagpainit sa buong sistema niya.

Na-miss niya ang malaki at pagkatigas-tigas na ari ng kanyang ex-boyfriend. Kinubabawan siyang muli nito at agad niyang naramdaman ang matigas nitong pagkalalaki na dumikit sa kanyang hiwa. Nilaro muna nito ang alaga at idinaan sa gitnang parte niya na para bang pinapadulas pa ito at saka itinutok sa kanyang bukana.

Napayakap siya sa lalaki at inihanda ang sarili sa muli nitong pag-angkin sa kanya.

“I’ll take you now, honey,” bulong ni Lantis sa tainga niya.

Napangiwi si Farida nang magsimula na itong gumalaw. Lalo niyang hinigpitan ang pagkakayakap dito.

“Oohhh, Lantis, na-miss ko ’to sobra...” ungol niya habang dahan-dahang gumigiling sa ibabaw niya ang kanyang pervert na ex-boyfriend.

Ngayong gabi ay siya naman ang minamanyak nito. Alam niyang hindi siya ang nag-iisang babae nito. Gusto niyang kalimutan ang kahihiyang

iyon, pero hindi niya makontrol ang paglamon ng pagnanasa sa kanya.

“Masarap ba?” pabulong na tanong ni Lantis sa kanya habang binabayo siya nang dahan-dahan.

“Lantis...sobrang sarappp...”

Habang tumatagal ay pabilis nang pabilis ang paggalaw nito sa ibabaw niya na lalong nagpabaliw sa kanya. Hindi malaman ni Farida kung paano sasabayan ang katalik.

“Faster, unh...pleeease!” pagsusumamo ni Farida hanggang sa marating nila ang ikapitong gloria.

Ginamit muli sa kanya ni Lantis ang natatangi nitong kaalaman sa sex para muli siyang makuha. Ipinalasap na naman nito sa kanya ang pinakamasarap na sex na dito lang niya natikman. Napakasarap nito sa kama, bagay na hindi maibigay sa kanya ni Dylan.

Dahil nga may unawaan na sila ng huli at maaaring sa kasal din naman ang tuloy nila, hindi maalis sa isip ni Farida na maaaring may mangyari sa kanila ng boyfriend. Gusto niyang makipag-sex ito sa kanya. Gusto niyang malaman kung kasinggaling nito ang kakambal pagdating sa kama, pero napakakonserbatibo ni Dylan. Hanggang halik sa pisngi at sa labi lamang ang kaya nitong ibigay sa

kanya. Tuwing nagbibigay siya ng motibo sa lalaki kapag silang dalawa lang ang magkasama sa isang tahimik na lugar ay binabalewala siya nito at tila umiiwas. Sinabi pa nito na may mangyayari lang daw sa kanila kapag sila ay kasal na.

Bitin na bitin si Farida sa nobyo dahil hindi nito maibigay ang init na hinahanap-hanap ng kanyang katawan. Tanging si Lantis ang nakapagbibigay niyon sa kanya.

3

Nagising si Farida sa sinag ng araw na nagmumula sa nakabukas na bintana sa kanyang kuwarto. Naalimpungatan din siya sa marahang paghaplos sa pisngi niya at pagdampi ng mainit at malambot na bagay sa kanyang mga labi.

Teka, what the...? Bakit ako nakahubad? Ano'ng nangyari?

“Good morning, honey,” malambing na bati sa kanya ng nakangising si Lantis. Tulad niya ay wala rin itong saplot kaya kitang-kita niya ang malaki nitong sandata.

Pinilit niyang kumilos para tumayo, pero umantak ang sakit ng gitnang parte niya. “Shit, Lantis! Ano'ng ginawa mo sa akin?” histerikal niyang

tanong sa lalaki, nagsisikap pa ring bumangon.

Nginisihan lang siya nito at agad na itinulak pabalik sa kama.

“Relax lang,” sabi nito sa malambing na tono.

“Ano’ng nangyari kagabi? Ni-rape mo ’ko, ’no? Napaka-manyakis mo talaga,” maktol ni Frida habang ipinagtatapon kay Lantis ang mga unan.

Napatawa nang malakas ang lalaki. “You must be kidding me? Hindi mo ba nagustuhan ’yung ginawa natin kagabi? Panay nga ang ungol at halinghing mo kapag inilalabas-masok ko ’yung alaga ko d’yan sa kuwan mo.”

Nag-init ang pisngi niya sa sinabi nito.

“Hindi mo ba natatandaan? You begged me to fuck you really really hard.”

“Hayop na ’to at ginawa pa akong prosti.” Sa sobrang inis ay binatukan niya ang lalaki. “Napakabastos mo talagang lalaki ka. Ikaw ang pervert ng taon, fuckboy, manyak!”

“Nag-enjoy ka naman, di ba? Gusto mo pa ngang mag-round two tayo, eh.”

“Talaga lang, ha? Puwede, ba? Huwag kang gumawa ng kuwento, Lantis. Hindi ako maniniwala sa gaya mo.”

“Whether you like it or not, nangyari na ang

nangyari, honey, at wala ka nang magagawa,” pang-aasar nito.

“Buwisit ka. Huwag mo nga akong ma-honey-honey at nakakapangilabot.” Honey kasi ang tawagan nila noong magkasintahan pa sila nito. “At dahil sa kahayukan mo sa akin kagabi, hindi mo man lang ako binigyan ng pagkakataong tumutol? Bakit ko pa kasi pinayagang mangyari sa atin ’yon?”

Nag-iba ang timpla ng mukha ni Lantis. “Nagsisisi ka nga, kung gan’un?”

Napalunok si Farida.

“Sinasabi mo bang kung hindi kita hinalikan kagabi walang mangyayari sa atin? Sabihin mo nga sa akin, nagsisisi ka ba talaga?” Seryoso ito. Dahan-dahang tumayo ang lalaki at isinuot ang boxer shorts nito na pinulot sa lapag.

Hindi siya nakakibo at nag-iwas ng tingin.

“Kasi ako, wala akong pinagsisisihan. Kahit magalit ka pa sa akin at kahit kamuhian mo pa ako habambuhay. Hindi ako nagsisisi sa ginawa natin dahil ginusto ko ’yon. Ikaw, gusto mo rin ba?”

Nanatili pa ring tahimik ang dalaga.

Iniabot sa kanya ni Lantis ang mga damit niya bago nito isinuot ang pang-itaas nito.

“G-gusto ko lang namang makasiguro na ako pa

rin ang laman ng puso at isip mo, Farida. Sapat na sa akin kahit maalala mo lang ang mga ginagawa natin, ang mga pagpapaligaya ko sa iyo sa kama. Gusto kong ako ang maisip mo kapag magkasama kayo ng kakambal ko, lalo na kapag hinahalikan at niyayakap ka niya. Gusto ko ako pa rin ang sasagi d'yan sa utak mo sa tuwing may gagawin kayo. Alam kong mahirap kalaban si Dylan, pero nakahanda akong sumugal kahit napakaliit ng chance kong manalo.”

Tinablan si Farida sa mga sinabi ni Lantis. Gusto niya itong lapitan at yakapin, pero sumagi sa isip niya na parang mali. Parang hindi tama.

“N-natatakot lang ako, Lantis. P-paano kung magbunga ang ginawa natin kagabi? Ano ang sasabihin ng parents ko? Ni Dylan?”

“Ilang beses na ba nating ginawa 'yon, Farida? Parang wala kang tiwala sa akin.”

“Paano kung sa pagkakataong ito sumablay ka?”

Hinawakan siya ni Lantis sa baywang. Inilapit nito ang katawan sa kanya at niyakap siya nang mahigpit. Naramdaman niya agad ang matigas na parte nito na tumusok sa harapan niya.

“Nakahanda akong panagutan ang nangyari sa atin, honey. Kahit hindi magbunga ang ginawa natin, I'll take responsibility. Just say the word. Pakakasalan

kita kahit anong araw, kahit anong oras. If you want, kahit ngayon dito sa kuwarto mo pakasal na tayo. Para pagkatapos ng sermonyas, derecho honeymoon na agad,” sabi nito at tumawa nang malakas.

“Umayos ka nga.” Sa sobrang inis ay pinagkukurot niya ito sa tagiliran.

Imbes na magalit ay hinalikan pa siya nito sa labi kaya nagsimula na namang mag-init ang katawan niya at natuloy ang round two nilang dalawa.



Gulat na napaatras si Farida nang mabuksan niya ang pinto sa kanyang unit. Akala niya ay nagbalik na naman si Lantis, pero ang bumungad sa kanya ay ang guwapong mukha ng kakambal nitong si Dylan. Parang pinagbiyak na bunga man ang magkapatid, kilalang-kilala niya kung sino si Lantis at kung sino si Dylan Sandoval.

May dalang bouquet of red roses ang nobyo. Paborito niyang bulaklak ang red roses. May dala rin itong milk chocolates na super favorite din niya. Nakangiti itong bumati sa kanya.

Hindi niya ine-expect na pupunta ito sa unit niya. Ang alam niya ay maghapon itong matutulog dahil puyat sa pagre-review.

“Happy anniversary, babe,” sabi ng lalaki at

hinalikan siya sa labi.

Saka lang niya naalala na first anniversary pala nila bilang magkasintahan. *Shit! Bakit nawala sa isip ko?*

“O, bakit hindi ka pa bihis? May date tayo ngayon, di ba?”

Nataranta si Farida at hindi malaman kung ano ang gagawin. Nakalimutan niya na lalabas sila ni Dylan para mag-date. Hindi pa siya naliligo at nakakapagbihis.

“I’m sorry, Dylan. Na-late ako ng gising kaya hindi pa ako nakakapag-ayos.”

Natawa ang binata. “No need to hurry, babe. Hindi naman ako nagmamadali.”

Napanatag siya sa tinuran nito kaya pinaupo niya muna ito sa sofa at ipinagtimpla ng kape.

“Okay, d’yan ka muna, ah. Maliligo lang ako at magbibihis. Saglit lang ako.” Nagmamadali siyang pumasok sa banyo.

Makalipas ang ilang minuto ay humarap siya kay Dylan na nakasuot ng pulang bestida. “Sorry to have kept you waiting.”

Mukhang namangha ang lalaki sa nakita. “Wow, maganda ka na, babe, pero mas lalo kang gumanda sa suot mong ’yan.”

Pinamulahan siya ng mga pisngi at kinilig sa paghanga ng boyfriend.

“Really? Nagustuhan mo? Ikaw din naman. Ang guwapo-guwapo mo na, pero mas lalo kang gumuwapo sa suot mong ’yan.” Nakasuot ito ng checkered blue polo at black pants.

Ngumiti ito at lumapit sa kanya. “Siyempre naman, kailangang magpaguwapo ako because today is a very special day.”

Nakagat niya ang ibabang labi nang haplusin ni Dylan ang kanyang mga pisngi. Nagkatitigan sila. Mayamaya ay bigla siya nitong niyakap nang mahigpit. Hindi niya maipaliwanag sa sarili pero parang nabawasan ang pananabik niya sa yakap nito. Kung dati, nakakaramdam siya ng pag-iinit sa tuwing maglalapat ang kanilang mga katawan, ngayon ay parang nawala ang excitement niya kapag niyayakap siya ng nobyo. Hindi kaya epekto ito ng nangyari sa kanila ni Lantis nang nagdaang gabi?

“Hindi mo alam kung gaano kaespesyal sa akin ang araw na ito, babe. Masayang-masaya ako at dumating ka sa buhay ko,” seryosong sabi nito.

“Ah... ako din,” matipid niyang sagot.

Binitiwang siya ni Dylan, pero nananatili ang mga braso nito sa kanyang baywang. “Naka-isang taon

na tayo at sinisigurado kong marami pa tayong taon na pagsasamahan.”

“I-I hope so,” mahina niyang tugon.

“It will happen, babe. I’ll make sure it will happen. I’m yours and you’re mine, Farida.”

Wala siyang nagawa kundi mapatango at mapatitig sa guwapong mukha ni Dylan.



Hindi mapakali si Lantis sa sobrang pag-aalala. Nalaman niyang may date si Farida at ang kanyang kakambal.

“Ano ka ba, pare? Parang sinisilihan ang puwet mo at wala kang tigil nang kakaparoo’t-parito mo. Nakakahilo ka,” ani Joseph.

“Oo nga. Maupo ka nga diyen at naiimbyerna ako sa iyo,” segunda ni Nolan.

“Mga gago pala kayo, eh. Paano akong hindi mag-aalala? Magkasama ngayon ang kapatid ko at ang honey ko,” maktol ng binata.

“Di ba wala na kayo ni Farida? As in ‘ex’ mo na siya. Ang kakambal mong si Dylan ang bago niyang boyfriend. Bakit pa nagpuputok ang butse mo d’yan, pare?”

“Hoy, gunggong, ako pa rin ang mahal ni Farida at hindi ’yon magbabago.”

“Ang problema, nasa in-denial stage ang friend ko kaya hindi matuluy-tuloy ang naudlot ninyong love story. But wait, naudlot ba o talagang natapos na?” pahabol pa ni Nolan.

“Bakit ba parang tinatangalan n’yo ng pag-asa itong si Lantis, ha? Kaya nga tayo nandito para tulungan siya na magkabalikan sila ni Farida?” sabat ni Devrick na kanina pa gustong makisali sa pag-uusap ng tatlo.

“Oo, naroon na tayo. Gusto natin silang magkabalikan. Pero ang tanong, handa ba sila sa consequences?” kontra ni Joseph.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” tanong ni Lantis.

“Handa ka bang saktan ang kakambal mo? Handa ka ba sa sasabihin ng mga magulang mo at ng mga magulang ni Farida?”

“Ay, mahirap nga ’yan, Papa Lantis!” segunda ni Nolan.

Sumeryoso ang mukha ni Lantis at napaupo sa konkretong upuan. Napatungo siya, malalim ang iniisip. Mayamaya pa ay tumayo siya para umalis.

“O, saan ka pupunta, pare?”

“Bahala na, pupuntahan ko sila.” Nagmamadali siyang naglakad palayo.

Pipigilan sana ni Joseph ang kaibigan nang

humarang ang malaking katawan ni Devrick sa harap nito.

“Hayaan mo na siya, Otep,” sabi ni Nolan. “Kung may malasakit ka sa kaibigan mo, hindi mo siya pipigilang puntahan ang taong pinakamamahal niya.” Humarap ito kay Devrick. “Gusto kong magkabalikan sila ni Farida kaya, babe, huwag na huwag mong patatakasin ang mokong na ’yan.” Nakapamaywang pa si Nolan.

“Sure thing, babe,” pangako ni Devrick dito.

“Mga anak kayo ng...” inis na sabi ni Joseph.



Masayang namamasyal sina Farida at Dylan sa mall nang hawakan ng lalaki ang kamay niya at yayain siyang pumasok sa ice cream parlor.

“Doon tayo, babe.” Itinuro nito ang gustong puwestuhan nila. Tumango si Farida at magkahawak-kamay nilang tinungo ang bakanteng mesa. “Alam kong favorite mo ang ice cream kaya dito kita dinala.”

Paborito talaga niya ang ice cream kahit noong bata pa siya.

“Parang ang sasarap nga ng flavors ng ice cream nila dito, Dylan.”

Napangiti ang binata at lalo siyang tinitigan. “I’m glad you like it here,” he said.

Napatitig uli siya sa lalaki at nakitang hindi nawawala ang mga ngiti sa labi nito. Parang ang saya-saya talaga nito kapag kasama siya. Napakabait ni Dylan sa kanya. Nakokonsyensa si Farida sa tuwing naaalala niyang nagpakasarap sila ni Lantis sa kama samantalang walang kaalam-alam sa mga ginawa nila ang kakambal nito.

“Dylan, huwag mo akong sanayin ng ganito.” Hindi niya namalayang lumabas iyon sa bibig niya.

“Why, babe? There’s nothing wrong kung sanayin kita sa ganito. Ginagawa ko ’to dahil gusto kitang maging masaya. And remember, you are mine now. Hindi ko papayagang may makakuha pa sa iyo sa akin kaya gusto kong maging masaya ka sa piling ko, sa relationship natin.”

Natahimik na naman si Farida. Hindi talaga hahayaan ni Dylan na mawala siya rito kaya ibinibigay nito ang hilig niya. Matalino ang lalaki, alam na alam nito kung ano ang mga bagay na magpapasaya sa kanya dahil iyon ang kanyang kahinaan. Gumagawa ito ng paraan para mahirapan siyang iwan ito.

Parang ginagawa rin ni Lantis ang lahat dahil ayaw nitong magkatuluyan sila ni Dylan at para muli silang magkabalikan. Ibinibigay naman ng ex niya

ang naiiba niyang hilig: ang masarap at hahanap-hanaping sexperience kasama ito.

Nagkokompetensya ang magkapatid kung kanino niya ipagkakatiwala ang kanyang puso.

“B-baka kasi ginagawa mo lang ito para sa akin. Siyempre, gusto ko nag-e-enjoy ka rin. Sure ka na okay lang sa iyo na dito tayo mag-date sa mall? Di ba ang sabi mo dati ay sa museum mo ako ipapasyal? And after that manonood tayo ng musical play? ’Yon ang una mong plano, di ba?” Ang mga nabanggit ay ang mga hilig nito.

“Yes, okay na okay lang sa akin na dito tayo mag-date.”

“Dahil gusto ko?”

“No. Dahil gusto ko, babe. Gusto kong gumawa ng magagandang memories na kasama ka. Naisip ko na hindi mahalaga ang mga hilig ko o mga gusto ko. Ang mahalaga sa akin ay ikaw. Ikaw lang, Farida.”

Ilang beses siyang napalunok sa mga sinabi nito. “P-pasensya ka na, naninibago lang kasi ako sa iyo. Hindi ka naman kasi mahilig magpunta sa mall. Mas gusto mo kasing puntahan ’yung mga seryosong lugar. Puro libro at reviewer pa ang laging kaharap mo.”

“Huwag mong sabihing nagseselos ka sa mga

libro at reviewer ko?” Hinawakan nito ang mga kamay niya at inilapit sa mga labi nito. “Wala kang dapat ipagselos sa libro, sa reviewer o sa kahit ano pa man. Ginagawa ko iyon para rin sa iyo, para sa future natin. Ayokong umasa sa pera ng parents ko.”

Kumabog ang dibdib niya. Sobra siyang nagiguilty pero sinikap niyang hindi magpahalata.

“Ikaw talaga, huwag kang masyadong maging sweet sa akin. Baka ma-spoil ako niyan,” biro niya.

Napatitig ito sa kanya at hindi sinasadyang napatitig din siya rito. Mayamaya ay umiwas siya ng tingin dahil parang nakikita niya si Lantis sa pagkakatitig nito.

Gaya ng kanyang ex-boyfriend, maganda rin ang mga mata ni Dylan. Parehong brown-eyed ang dalawa at chinito. Matangos ang ilong at may mapupulang labi na kinaaadikan ng mga babae.

Lalo na ang mga labi ni Lantis. Tingin pa lang ay mahihinuha mo nang napakagaling nitong humalik. Kaya nga maraming babae ang nahuhulog sa bitag ng lokong iyon.

Sumagi na naman sa isip niya ang mga nangyari sa kanila ni Lantis sa kuwerto niya. Ang umaatikabo nilang sexcapades na nasundan pa nang sumunod na araw. Dahil sa naalala ay di sinasadyang uminit

ang kanyang mga pisngi.

Umayos ka, Farida, kalimutan mo muna ang kalibugan sa utak mo, saway niya sa sarili.

“Seryoso ako, babe. Darating ang araw na magpapakasal tayo at bubuo ng pamilya kaya gusto kong nakahanda tayo para sa future natin.”

“Dylan...” Parang sasabog ang puso niya sa sakit. Ganito ba talaga ito kaseryoso sa kanya? Pero mas sumakit ang dibdib niya nang makilala kung sino ang kanina pang nakikinig sa usapan nila ni Dylan.

Nasa harapan nila ang lalaki, nakaupo patalikod sa kanila. Hindi niya napansing kanina pa pala ito naroon. Kahit nakatalikod ito ay hindi siya maaaring magkamali. Kilalang-kilala niya ang lalaki na nakasuot ng itim na jacket.

Nang tumayo ito mula sa kinauupuan ay agad siyang sinulyapan nito. Kitang-kita niya ang pagkadismaya sa mukha nito. Nang magtama ang mga mata nila ay kusa itong umiwas at nagmamadaling lumabas ng ice cream parlor.

Oh, my God! Narinig niya kami.



Magpapakasal tayo, bubuo ng pamilya.

Ang mga salitang iyon ay tila patalim na sumaksak sa puso ni Lantis. Dinig na dinig niya ang

pinag-uusapan ni Farida at ng kanyang kakambal. Nakita niya sa *Facebook* status ng kapatid kung saan pumunta ang mga ito kaya madali niyang nasundan.

Lingid sa kaalaman nina Dylan at Farida ay nakita niyang pumasok ang mga ito sa ice cream parlor. Hindi siya nagpahalata at sinundan ang dalawa kung saan uupo. Successful naman ang kanyang pang-i-stalk. Nakaupo siya sa puwestong malapit sa kinauupuan ng magnobyong nang hindi siya napapansin ng mga ito.

“Shit! Kaasar talaga,” gigil na sabi niya.

Gusto niyang sigawan si Farida. Bakit hindi nito sinabi sa kakambal niya na iba ang mahal nito at iba ang gusto nitong pakasalan? Sa pananahimik nito, lumalabas na payag din ito sa mga plano ng kanyang kapatid.

Pero ano nga ba ang karapatan niyang sabihin iyon sa dalaga?

Ngayon ay kasama niya si Joseph sa isang bar, naglalabas dito ng sama ng loob.

“You know what? Maraming babae na ang dumaan sa akin at lahat sila pinatikim ko ng pinakamasarap na sex, iyong hindi pa nila natitikman sa buong buhay nila. But I can say na sa lahat ng babaeng naikama ko, si Farida lang ang

pinakaminahal ko. Fuck! Siya lang, p're. Iba siya sa mga babaeng nakilala ko.”

“Tama na 'yan, pare. Lasing ka na,” pigil ni Joseph sa kanya nang akmang iinumina niya ang pang-labinlimang shot.

“Please, don't stop me.” Tinabig niya ang kamay ng kaibigan.

“Marami ka nang nainom. Tigilan mo na 'yan.”

“Konti pa nga itong nainom ko. Hindi pa ako lasing, p're.”

Napakamot na lang sa ulo si Joseph.

May tumabi sa kanya. Paaalisin niya sana ang babaeng naupo sa tabi niya, pero nakilala ito ni Lantis. “N-Natalie? Ano'ng ginagawa mo dito? Huwag mong sabihing sinusundan mo na naman ako?”

Napansin siguro nito na namumula na ang mga pisngi niya sa sobrang kalasingan.

“Oops! Easy lang, Lantis, at mahina ako, este, ang kalaban,” sabi nito na namumungay ang mga mata.

“Answer me!” bulyaw niya sa dalaga.

“Ano'ng ginagawa ko dito? Ano ba ang ginagawa sa bar, aber? At may kasama ka pala. Hindi mo man lang siya ipinakilala sa akin. Hello, I'm Natalie. And you are?” kausap nito kay Joseph sa malanding boses.

“I'm Joseph. Just call me Otep,” pakilala nito sa

sarili sabay kindat sa nagtanong.

“Ikaw ’yung palaging kasa-kasama ni Lantis, di ba?” tanong ng babae, at inagaw kay Lantis ang baso nito at ininom ang laman niyong alak.

Tumango si Joseph. “Ah, oo. Kaibigan ko ang lokong ’yan!” Panay rin ang pagpapa-cute nito.

“Really? I see. Kaya naman pala.” Tumingin ito kay Lantis nang makahulugan.

Magkasalubong na ang mga kilay ni Lantis. Naiinis na siya sa presensiya ng babae kaya agad niyang inagaw ang basong hawak nito at tiningnan ito ng masama.

“Hey, what’s wrong with you?” sita nito sa inasal niya.

“Ano ba talaga ang ginagawa mo dito? Kung nandito ka para makipaglandian sa akin, pwes, wala ako sa mood kaya umalis ka na, puwede ba?”

“What? Napaka-ungentleman mo talaga! Samantalang n’ung magkasama tayo ayaw mo akong tantanan at gusto mo pang humirit ng isa pa.”

Nanlaki ang mga mata at napalunok sa narinig si Joseph. Muntik namang maibuga ni Lantis ang ininom sa tinuran nito. Wala siyang natatandaan na may nangyari sa kanila ng babae.

“P-pare, totoo ba ang sinasabi niya?” atat na

tanong ng kaibigan.

Binalingan niya ang babae. “What the fuck? Hoy, sa pagkakatanda ko wala akong ginawa sa iyo.”

“Paano mo naman maaalala? Lasing na lasing ka n’ung nakipag-sex ka sa akin. Ang galing-galing mo palang mangabayo kapag lasing ka,” bulalas pa nito.

“Ano?”



Nang sumunod na araw ay agad na pinuntahan ni Farida si Nolan para ikuwento ang nangyari sa ice cream parlor.

“Ang gaga mo kasi, friend,” paninisi ni Nolan sa kanya. “Hindi ka man lang nakahalata na naroon din si Lantis?”

Pinagtaasan niya ito ng kilay sa reaksyon nito. “Malay ko ba na naroon ang gagong ’yon?”

“Tinawagan mo na ba? Tawagan mo at magpaliwanag ka.”

“Ilang beses ko nang tinawagan sa cell phone pero hindi niya sinasagot. At ano naman ang sasabihin ko?”

“Loka ka, sabihin mo hindi ka nakasingit sa mga pinagsasabi ni Dylan tungkol sa kasal at pagbuo ng pamilya dahil hindi mo rin alam ang isasagot mo. Basta, bahala ka na magdahilan. Malaki ka na,

friend. Keri mo na 'yan."

"Puwede ba magseryoso ka nga?" inis na pakiusap niya. "Tell me, ano ba ang sasabihin ko? M-mag-sorry na lang kaya ako sa kanya?"

"Sorry for what? Na wala na kayo at kayo na ng kakambal niya? Sorry dahil hindi n'yo sinasadya na marinig niya ang mga pinag-usapan n'yo? Mas lalong hindi 'yon makikipag-usap sa iyo. Parang hindi mo kilala ang ex-boyfriend mo. Malakas ang kutob ko na nagseselos 'yon," litanya pa ni Nolan.

Lumalim ang kanyang paghinga habang pinipigil ang sarili na hindi maiyak sa sitwasyon. Lumalabas pa yata na parang tinutuhog niya ang magkapatid.

"Ewan ko, Nolan. Naguguluhan na ako. Ayokong saktan si Dylan. Napakabait niya sa akin at siya ang laging nandyan n'ung mga panahong depressed ako."

"Paano si Lantis?"

Nag-umpisa nang tumulo ang luha niya na kanina pa niya pinipigilan. "Hindi ko alam. Dapat ayoko na siyang makita, dapat galit na galit ako sa kanya, dapat hindi ako pumapayag na makalapit siya sa akin." *At mas lalong hindi ako dapat pumayag na makipag-sex sa kanya*, dugtong niya sa isip. "Pero may puwersang nag-uudyok sa akin na gustuhin siyang makita, na hindi magalit sa kanya." *At lumapit*

at makipag-sex sa kanya.

Hinawakan siya ni Nolan sa balikat. “Kasi nga mahal mo pa siya, friend. Mahal mo pa si Lantis.”

Nais nang aminin ng puso at utak niya na may nararamdaman pa rin siya sa pervert niyang ex-boyfriend pero may pumipigil sa kanya. Maaaring natatakot siya na baka kapag nagkabalikan sila ng lalaki ay sandamakmak na stress na naman ang ihatid nito sa buhay niya dahil sa pagiging babaero nito. Nag-aalala rin siya sa sasabihin ng mga magulang niya kapag nakipagbalikan siya kay Lantis. Tiyak na ipagdidiinan ng mga ito na napakalaki niyang tanga dahil ipinagpalit niya ang isang katulad ni Dylan sa isang walang-kuwentang lalaki, isang taong walang ambisyon.

Pinahid ni Farida ang luha sa mga pisngi niya at tumayo na.

“O, saan ka pupunta?” nagtatakang tanong ni Nolan.

“Kailangan ko siyang mahanap!” Nagpaalam siya sa kaibigan at nagmamadaling lumabas sa coffee shop.

“Hay naku, huwag nang mag-deny, don’t tell a lie. Aminin na kasi. Kaloka kayo,” pahabol na hirit ng bakla.